

PAUNAWA HINGGIL SA ELEKSYON

LUNGSOD NG GARDEN GROVE

NAGBIBIGAY NG PAUNAWA na magaganap ang isang Pangkalahatang Munisipal na Eleksyon sa Lungsod ng Garden Grove sa Martes, Nobyembre 6, 2018, para sa mga sumusunod na Opisyal:

Para sa Mayor (bilang pangkalahatan)	Buong termino na dalawang (2) taon
Para sa City Council District 1, 3, at 4	Buong termino na apat (4) na taon

Magsisimula ang panahon ng nominasyon sa Lunes, Hulyo 16, 2018, sa ganap na 7:30 a.m., at magsasara ito sa Biyernes, Agosto 10, 2018, sa ganap na 5:00 p.m.

Simula sa Lunes, Hulyo 16, 2018, tatanggap ang City Clerk ng mga dokumento ng nominasyon para sa Mayor at City Council District 1, 3, at 4. Ang deadline ng paghahain ng nakumpletong dokumento ay sa Biyernes, Agosto 10, 2018, sa ganap na 5:00 p.m. Dapat maihain ang dokumento sa Tanggapan ng City Clerk sa 2nd floor ng Garden Grove City Hall, sa 11222 Acacia Parkway.

Upang maging kwalipikado, ang kandidato ay isa dapat mamamayan ng United States, 18 taong gulang pataas sa Araw ng Eleksyon, at isang rehistradong botante at residente ng Garden Grove District kung saan nominado ang kandidato. Kinakailangan ding maging isang rehistradong botante at residente ng Garden Grove ang mga kandidato sa pagiging mayor.

Kung hindi makakapaghain ang sinumang kwalipikadong kasalukuyang nanunungkulan sa petsa ng deadline na Biyernes, Agosto 10, 2018, sa ganap na 5:00 p.m.; palalawigin hanggang sa Miyerkules, Agosto 15, 2018, sa ganap na 5:30 p.m. **lang** ang panahon ng paghahain para sa mga kandidatong hindi kasalukuyang nanunungkulan.

Makakakuha ng mga dokumento para sa nominasyon sa Tanggapan ng City Clerk sa Garden Grove City Hall, sa 11222 Acacia Parkway sa 2nd floor sa pamamagitan lang ng appointment.

Kung wala o isang tao lang ang nominado para sa isang posisyong pagbobotohan, maaaring magtalaga ng isang tao sa posisyong pagbobotohan gaya ng nakasaad sa Section 10229, Elections Code ng Estado ng California.

Para sa higit pang impormasyon hinggil sa proseso ng eleksyon o upang makapag-iskedyul ng appointment sa panahon ng nominasyon, pakitawagan si Teresa Pomeroy, City Clerk, sa (714) 741-5040.

/s/ TERESA POMEROY, CMC
City Clerk

Petsa: Hulyo 2, 2018
Paglimbag: Hulyo 6, 2018